# Hari Ng Tondo (feat. Denise Barbacena)

## Gloc-9

Kahit sa patalim kumapit
Isang tuka isang kahig
Ang mga kamay na bahid ng galit
Kasama sa buhay na minana
Isang maling akala
Na ang taliwas kung minsan ay tama
Ang hari ng tondo hari ng tondoBaka mabansagan ka na hari ng tondo
Hari ng tondo hari ng tondo ohhh
Baka mabansagan ka na hari ng tondo
Minsan sa isang lugar sa maynila
Maraming nangyayare ngunit takot ang dilang
Sabihin ang lahat
Animoy Kagat kagat
Kahit itagoy di mo pedeng pigilin ang alamat
Na umusbong,
Kahit na madami ang ulupong
At halos hindi iba ang laya sa pagkulong
Sa kamay ng iilan umaubosong kikilan
Ang lahat ng pumalag walang tanong ay kitilan,
Ng buhay, hukay, nuhay magpapatunay
Na kahit hindi makulay kailangang mag bigay pugay
Sa kung sino ang lamang
Mga bitukang Halang
At kung wala kang alam ay yumuko ka nalang
Hanggang sa may nag pasya na sumalungat sa agos
Wasakin ang mga kadena na syang gumagapos
Sa kwento na mas astig pa sa bagong tahi ng lonta
Sabay sabay nating hawiin ng tabing na tolda
Kahit sa patalim kumapit
Isang tuka isang kahig
Ang mga kamay na bahid ng galit
Kasama sa buhay na minana
Isang maling akala
Na ang taliwas kung minsan ay tama
Ang hari ng tondo hari ng tondoBaka mabansagan ka na hari ng tondo
Hari ng tondo hari ng tondo ohhh
Baka mabansagan ka na hari ng tondoNilusong ang kanal na sa pangalan nyay tumawag
Alang alang sa iba tsaka na muna ang paawat
Sa mali na nagagawa na tila na nagiging tama
At ang tunay na may kaylangan ang syang pinatatamasa
Lahat silay takot nakakapaso ang iyong galit
Mga bakal na may nag babagang tinga papalit palit

Sa hangin na masangsang nakakapanga hina ang nana
At Hindi mo matangal na parang bang sima ng pana
Na nakulawit, subalit sa kabila ng lahat
Ay ang halimuyak lamang ng iisang bulaklak
Ang syang tanging nag hahatid sa kanya sa katinuan
At hindi ipagpapalit na kahit na sino man
Ngunit ng dumating ang araw na gusto nya ng talikuran
Ay huli na ang lahat at sa kamay ng kaibigan
Ipinasok ang tinga tumulo ang dugo sa lonta
Ngayon alam mo na ang kwento ni Asiong SalongaKahit sa patalim kumapit
Isang tuka isang kahig
Ang mga kamay na bahid ng galit
Kasama sa buhay na minana
Isang maling akala
Na ang taliwas kung minsan ay tama
Ang hari ng tondo hari ng tondo
Baka mabansagan ka na hari ng tondo
Hari ng tondo hari ng tondo ohhh
Baka mabansagan ka na hari ng tondo

Lyrics provided by http://greatlyrics.net/